

IKALIMANG LINGGO MAKARAAN ANG PASCUA



Hermanidad de la Sagrada Eucaristia
Latin Mass Society of Cavite
Comision Para sa Pagsasalin

Misa "Vocem jucunditatis"

II cl. • Semidoble • Puti

Maiksing Pagninilay

Ngayong araw na ito, itinuturo sa atin ni Hesus ang ukol sa pananalangin. Si Jesus ay paroroon sa Ama kaya't sinabi niyang ibibigay ng Ama ang anumang hihingin natin sa pangalan Niya. Hingin natin sa Kaniya ang mga bagay na makabubuti sa ating kaluluwa.

Mabigat ang mga panuto ni Apostol Santiago sa atin ngayong linggo. Una, ano nga ba ang tunay at malinis na relihiyon? Ang mga kaanib nito na kumakalinga sa kapwa: at matatagpuan ito sa Kristyanismo. Pangalawa, saan ba natin matatagpuan ang tunay na kalayaan? Ito ay ang sa mga nagmamahal kay Kristo at sa kapwa. Pangatlo, paano ba natin matutukoy ang tunay na mga relihiyoso? Yaong mga kinikilala ang sariling kahinaan datapwat kinakailangan niya ang Dios sa kaniyang buhay, at nag-iingat sa mga binibitiwang salita. Hindi lamang dapat sa panlabas na gawain maihahayag ang isang tunay na relihiyoso kundi sa isang malinis na isip at damdamin.

PAMBUNGAD NA ANTIPONA • Is 48:20

VOCEM jucunditatis annuntiáte, et audiátur, allelúja: annuntiáte usque ad extrémum terræ: liberávit Dóminus pópulum suum, allelúja, allelúja. — *Ps 65:1-2* Jubiláte Deo, omnis terra, psalmum dícite nómini ejus: date glóriam laudi ejus. *V.* Gloria Patri. Vocem jucunditatis.

IHAYAG ninyong buong galak na masaya't may tuwaan, at kanilang pakinggan, aleluya! Siya'y itanyag ninyo hanggang sa mga dulo ng daigdig: "Tinubos ng Dios ang kaniyang bayan", aleluya, aleluya! — *Salmo 65:1-2* Buong galak kayong sumigaw sa Dios, kayong lahat na nasa lupa. Umawit kayo sa kaniyang ngalan, at luwalhatiin ninyo siya. *V.* Luwalhati sa Ama. — Ihayag ninyo...

▪ *Aawitin ang Gloria in Excelsis Deo* (Luwalhati sa Dios)

PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

DEUS, a quo bona cuncta procédunt, largíre supplicibus tuis: ut cogitémus, te inspiránte, quæ recta sunt; et, te gubernánte, éadem faciámus. Per eundem Dominum.

O DIOS, ikaw ang pinagmumulan ng tanang kabutihan. Pagbigyan mo ang aming kahilingan, na sa iyong patnubay, maisaisip namin ang mga bagay na matuwid at gawin ito sa tulong ng iyong pag-akay. Alang-alang sa Anak mo, si Jesucristong Panginoon namin...

Sa Misa, idaragdagag ang ika-2 panalangin, Parangal kay Santa Mariang Virgen; ang ika-3 panalangin, Laban sa Kaaway ng Simbahan o 'di kaya'y Para sa Santo Papa.

Parangal kay Santa Mariang Virgen

CONCEDE nos fámulos tuos, quæsumus, Dómine Deus, perpétua mentis et córporis sanitáte gaudére: et, gloriósa beátæ Mariæ semper Vírginis intercessióne, a præsénti liberári tristítia, et æténa pérfrui lætítia. Per Dóminum.

IPAGKALOOB mo sa amin, iyong mga lingkod, hinihiling namin, Panginoong Dios, na palagian magkamit ng kagalingan sa isip at katawan: at pakundangan sa maluwalhating Santa Mariang laging Birhen, mahango nawa kami sa kasalukuyang hapis sa buhay na ito at makabahagi naman sa kaligahayang walang hanggan. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristo...

PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON

TRIBUE nobis, Dómine, cæléstis mensæ virtúte satiátis: et desideráre, quæ recta sunt, et desideráta percípere. Per Dominum.

PANGINOON, kaming mga binusog mo sa banal na hapag na ito ay pagkalooban mo ng naisin ang mga bagay na matuwid at tanggapin ang aming mga hinahangad. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristong Panginoon namin...

Parangal kay Santa Mariang Virgen

SUMPTIS, Domine, salutis nostræ subsidiis: da, quæsumus, beatæ Mariæ semper Virginitis patrocinis nos ubique protegi; in cujus veneration hæc tuæ obtulimus majestati. Per Dominum.

KAMING tumanggap ng mga tulong para sa aming kaligtasan, Panginoon, ay lagi kaming ipagtanggol pakundangan kay Santa Mariang laging Birhen, alang-alang sa kaniyang karangala'y inialay ang mga handog na ito sa Iyong kamahalan. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristo...

Laban sa Kaaway ng Simbahan

QUAESUMUS, Dómine Deus noster: ut, quos divína tribuis participatióne gaudére; humanis non sinas subjacére perículis. Per Dominum.

PANGINOONG Dios namin, huwag Mo sanang hayaang malupig ng anumang kaaway ang mga niloob Mong tumanggap at nakibahagi sa iyong mga banal na sakramento. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...

o 'di kaya'y "Para sa Santo Papa."

HAEC quaesumus, Dómine, divini sacraménti percéptio próteget: et famulum tuum **N.**, quem pastórem Ecclésiæ tuæ præesse voluísti; una cum commísso sibi grege, salvet semper, et múniat. Per Dominum.

PANGINOON, kaming tumanggap ng banal mong sakramento ay lagi mo sana kaming ipagsanggalang at iligtas kasama ni **N.**, na iyong lingkod, na siyang hinirang Mo upang pamunuan ang Iyong Simbahan, kasama ng kawang ipinagkatiwala mo sa kaniya. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...

PREPASYO NG MULING PAGKABUHAY

VERE DIGNUM et iustum est, æquum et salutäre, Te quidem, Dómine, omni témpore, sed in hac potíssimum die gloriósius prædicäre, cum Pascha nostrum immolátus est Christus.

Ipse enim verus est Agnus, qui abstulit peccáta mundi. Qui mortem nostram moriéndó destrúxit et vitam resurgéndo reparávit.

Et ideo cum Angelis et Archángelis, cum Thronis et Dominatiónibus cumque omni milítia coeléstis exercitus hymnum glóriæ tuæ cánimus, sine fine dicéntes. — **Sanctus, Sanctus, Sanctus...**

ANTIPONA SA KOMUNYON • Ps 95:2

CANTATE Dómino, allelúja: cantáte Dómino et benedícite nomen ejus: bene nuntiáte de die in diem salutäre ejus, allelúja, allelúja.

TUNAY NGANG MARAPAT at matuwid, angkop at nakagagaling, sa lahat ng dako at sandali na magpasalamat kaming lagi sa Iyo, Panginoon, lalo na ngayong inialay na si Kristo na aming Cordero Pascual.

Sapagkat siya ang tunay na Kordero na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Sa kaniyang pagkamatay ay nagtagumpay siya sa kamatayan. Sa kaniyang muling pagkabuhay ay ibinalik sa amin ang buhay ng grasya.

Kaya't kasama ng mga Anghel at mga Arkanghel, ng mga Trono at Dominasyon ay nagpupuri at sumasamba sa Iyo. Kasama nila ay ipinagbubunyi naming walang humpay ang iyong kaluwalhatian: — **Santo, Santo, Santo Panginoong Diyos ng mga hukbo...**

UMAWIT kayo sa Poong Mahal, aleluya. Umawit kayo sa kaniya at purihin ang kaniyang ngalan: ihayag ninyo sa araw-araw ang Kaniyang ginawang pagliligtas, aleluya, aleluya!

Laban sa Kaaway ng Simbahan

ECCLESIAE tuæ, quaesumus, Dómine, preces placatus admítte: ut, destrúctis adversitatibus et erróribus univérsis, secúra tibi sérviat libertate. Per Dominum...

TANGGAPIN mong malugod ang panalangin ng iyong Simbahan, O Panginoon. Lipulin mo sana ang lahat ng mga kaguluhan at kamalian, upang mapaglingkuran Ka nawa niya sa katiwasayan at kalayaan. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...

o 'di kaya'y "Para sa Santo Papa."

DEUS, ómnium fidélium pastor et rector, famulum tuum **N.**, quem pastórem Ecclésiæ tuæ præesse voluísti, propítius réspice: da ei, quaesumus, verbo et exemplo quibus præest proficere; ut ad vitam, una cum grege sibi crédito, pervéniat sempitérnam. Per Dominum.

O DIOS, ikaw ang pastol at pinuno ng tanang mananampalatya. Tunghayan mo sana ang iyong lingkod na si **N.**, na itinalaga mo upang mamuno sa Iyong Simbahan. Ipagkaloob mo, na sa kaniyang salita at gawa, patatagin nawa niya ang kalooban ng kawang ipinagkatiwala sa kaniya, at makarating ang tanan sa buhay na walang-hanggan. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...

SULAT • Sn 1:22-27

Pagbasa mula sa sulat ni Apostol Santiago.

MGA MINAMAHAL: Mamuhay kayo ayon sa salita ng Dios. Kung ito'y pinapakinggan lamang ninyo ngunit hindi isinasagawa, dinadaya ninyo ang inyong sarili. Sapagkat ang nakikinig ng salita ngunit hindi sumusunod dito ay katulad ng isang taong tumitingin sa salamin, at pagkatapos makita ang sarili ay umaalis at kinakalimutan ang kanyang anyo. Ang taong nagsasaliksik at nagpapatuloy sa pagsunod sa Kautusang ganap na nagpapalaya sa tao ang pagpapalain ng Dios sa lahat ng kanyang gawain. Siya ang taong gumagawa at hindi siya katulad ng nakikinig lamang at pagkatapos ay nakakalimot. Kung inaakala ninuman na siya'y relihiyoso, ngunit hindi naman siya marunong magpigil ng dila, dinadaya lamang niya ang kanyang sarili. Walang kabuluhan ang kanyang pagiging relihiyoso. Ang relihiyon na dalisay at walang dungis sa harap ng ating Dios at Ama ay ito: pagtulong sa mga ulila at sa mga biyuda sa kanilang kahirapan, at pag-iingat sa sarili upang huwag mahawa sa kasamaan ng mundong ito. — **R. Salamat sa Dios.**

DAKILANG ALELUYA • Jn 16:28

Allelúia, allelúia. *V.* Surréxit Christus, et illúxit nobis, quos redemit ságuine suo.

Allelúia. *V.* Exívi a Patre, et veni in mundum: íterum relínquo mundum, et vado ad Patrem. **Allelúia.**

Aleluya, aleluya! *V.* Si Kristo ay nabuhay na mag-uli. Siya’y nagpakita sa atin, at tayo’y tinubos ng kaniyang Dugo.

Aleluya! *V.* Nagmula ako sa Ama, at napaarito sa mundo. Iiwan ko muli ang mundo at babalik sa Ama. **Aleluya.**

EBANGHELYO • Jn 16:23-30

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Juan.

NOONG PANAHONG IYON: Sinabi ni Jesus sa kaniyang mga alagad: “Pakatandaan ninyo: anumang hingin ninyo sa Ama sa aking pangalan ay ibibigay niya sa inyo. Hanggang ngayo’y wala pa kayong hinihingi sa kanya sa aking pangalan. Humingi kayo, at kayo’y tatanggap upang malubos ang inyong kagalakan. Ang mga ito’y sinabi ko sa inyo nang patalinghaga. Subalit darating ang panahong hindi na ako magsasalita sa inyo sa ganitong paraan; tuwiran ko nang sasabihin sa inyo ang tungkol sa Ama. Sa araw na iyon ay hihingi kayo sa kanya sa aking pangalan, at hindi ko sinasabing ako mismo ang hihiling sa Ama para sa inyo. Mahal kayo ng Ama sapagkat ako’y minahal ninyo at naniwala kayo na ako’y nagmula sa Dios. Ako nga’y nanggaling sa Ama at naparito sa sanlibutan; ngayo’y aalis na ako sa sanlibutan at babalik na sa Ama.” Sinabi ng kanyang mga alagad, “Ngayon po’y tuwiran na ang inyong pangungusap sa amin at hindi na patalinghaga! Ngayon alam na po naming alam ninyo ang lahat ng bagay, at hindi na kailangang tanungin pa kayo ninuman. Dahil dito, naniniwala po kami na kayo’y mula sa Dios.” — **R. Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.**

▪ *May* Credo *o* Sumasampalataya.

ANTIPONA SA PAG-AALAY • Ps 65:8-9, 20

BENEDICITE, gentes, Dóminum, Deum nostrum, et obaudíte vocem laudis ejus: qui púsuit ánimam meam ad vitam, et non dedit commovéri pedes meos: benedíctus Dóminus, qui non amóvit deprecatiónem meam et misericórdiam suam a me, allelúja.

PURIHIN NINYO ang Panginoon nating Dios, kayong lahat na mga bansa! At iparinig ninyo ang tinig ng kaniyang kapurihan. Siya ang umakay sa aking kaluluwa sa mga buhay at hindi Niya hinahayaang maano ang ating mga nilalakaran! Purihin natin ang Panginoon, na pinakinggan ang aking panalangin at nagmadlang-awa sa akin, aleluya!

PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

SUSCIPE, Dómine, fidélium preces cum oblatiónibus hostiárum: ut, per hæc piæ devotiónis officia, ad cœléstem glóriam transeámus. Per Dominum.

TANGGAPIN mo, Panginoon, ang mga panalangin at alay ng iyong bayan. Sa ginaganap naming pagdiriwang na ito nang may banal na pamimintuho, kami’y makatawid sa kaluwalhatian. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristong Panginoon namin...

Parangal kay Santa Mariang Virgen

TUA, Dómine, propitiatióne, et beátæ Virgínis et Matris Mariæ intercessióne, ad perpétuam atque præsentem hæc oblátio nobis proficiat prosperitátem et pacem. Per Dóminum.

PANGINOON, sa Iyong awa at sa pagdalangin ng Mahal na Birheng Maria, ang mga handog na iniaalay sa Iyo ay maging aming kapakanan at kapayapaan ngayon at sa buhay sa kabila. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristo...

Laban sa Kaaway ng Simbahan

PROTEGE nos, Dómine, tuis mystériis serviéntes: ut divínis rebus inhæréntes, et córpore tibi famulémur, et mente. Per Dominum. Per Dominum.

IPAGSANGGALANG mo kami, Panginoon, na naglilingkod sa dambana upang ganapin ang iyong mga misteryo. Itulot mong tumangan kami sa mga bagay na makalangit upang mapaglingkuran ka namin sa katawan at kaluluwa. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...

o ‘di kaya’y “Para sa Santo Papa.”

OBLATIS, quaesumus, Dómine, placare munéribus: et famulum tuum **N.**, quem pastorem Ecclésiæ tuæ præesse voluísti, assídua protectióne gubérna. Per Dominum.

MALUBAG nawa ang Iyong kalooban, Panginoon, dito sa aming mga alay ng pakikipagkasundo. Sa iyong walang patid na pagpapatnubay, gabayan mo ang iyong lingkod na si **N.** na siyang hinirang mo bilang pastol ng Iyong Simbahan. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...